DHCS
CALIFORNIA DEPARTMENT OF
HEALTH CARE SERVICES

Medi-Cal

# Medi-Cal Managed Care Paglipat ng Planong Pangkalusugan FAQ

### Bakit magbabago ang mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa ilang mga county?

Binabago ng California ang Medi-Cal para makuha mo ang pag-aalagang kailangan mo para mabuhay nang malusog.

Sa 2024, ang mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay dapat makatugon sa mga bagong patakaran para sa kalidad, access, pananagutan, at transparency. Sisiguruhin nito na ang lahat ng mga miyembro namin sa buong estado ay magka-access sa napapanahon, mataas na kalidad na pag-aalaga mula sa lahat ng planong pangkalusugan.

### Ang pagbabago ba sa aking planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay makakaapekto sa aking Medi-Cal coverage?

Hindi. Kahit na magbago ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal, ang iyong Medi-Cal coverage at mga benepisyo ay mananatiling pareho.

### Paano ko malalaman kung ang aking planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay magbabago?

Alamin kung ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay magbabago.

### Ano ang kailangan kong gawin kung nakatira ako sa isang county na magbabago ng mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

**Ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay magbabago:**
Kung magbabago ang mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county, maaaring kailanganin mong pumili ng bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

**Awtomatikong pag-enroll:**
Sa ilang mga county, awtomatiko kang ie-enroll sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal nang hindi kailangang pumili ng isa.

Mga detalye para sa mga foster care na bata at mga kabataang miyembro

### Paano sasabihin sa akin ng Medi-Cal ang pagbabago sa aking planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Ito ay depende sa tinitirhan mong county. Basahin sa ibaba para sa impormasyon ayon sa county.

## Ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay magbabago:

**Mga Choice County ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal Pinamamahalaang Pangangalaga na Nasasakupan (Geographic Managed Care) (GMC), Two-Plan, at Mga Regional County:**

- Alpine
- Amador
- Calaveras
- El Dorado
- Fresno
- Inyo
- Kern
- Kings
- Los Angeles
- Madera
- Mono
- Riverside
- Sacramento
- San Bernardino
- San Diego
- San Francisco
- San Joaquin
- Santa Clara
- Stanislaus
- Tulare
- Tuolumne

## Kung nakatira ka sa isa sa mga county na nakalista sa itaas, magbabago ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal, maaari kang makatanggap ng liham:

- **Oktubre 2023**: Kung nasa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ka na na aalis sa county sa katapusan ng 2023, padadalhan ka ng liham ng iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal para sabihin sa iyo ang tungkol sa pagbabago sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal.
- **Nobyembre at Disyembre 2023**: Padadalhan ka ng Medi-Cal ng mga liham na may higit pang mga detalye sa:
  - Pag-enroll sa bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal
  - Mas marami pang pagpipilian na maaaring mayroon ka

## Kung kailangan mong pumili ng bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal:

Makakakuha ka ng Choice Packet para pumili ng bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa iyong county. Dapat kang pumili ng bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal bago ang **Disyembre 22, 2023**. Kapag hindi ka pumili, awtomatiko kang ie-enroll sa bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal o sa Medi-Cal Fee-For-Service (halimbawa, mga foster care na bata o mga kabataang miyembro).

- **Disyembre 2023**: Matapos kang pumili ng bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal o awtomatikong in-enroll sa bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal, padadalhan ka ng Medi-Cal ng liham na may impormasyon tungkol sa bago mong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.
- **Enero 2024**: Padadalhan ka sa koreo ng iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal ng welcome packet.

**Single-Plan o Sistemang Pangkalusugan na Organisado ng County (County-Organized Health System) (COHS) na mga county:**

- Alameda
- Butte
- Colusa
- Contra Costa
- Del Norte
- Glenn
- Humboldt
- Imperial
- Lake
- Lassen
- Marin
- Mariposa
- Mendocino
- Merced
- Modoc
- Monterey
- Napa
- Nevada
- Orange
- Placer
- Plumas
- San Benito
- San Luis Obispo
- San Mateo
- Santa Barbara
- Santa Cruz
- Shasta
- Sierra
- Siskiyou
- Solano
- Sonoma
- Sutter
- Tehama
- Trinity
- Ventura
- Yolo
- Yuba

Kung nakatira ka sa isang county na magiging Single Plan Model o county na magiging County-Organized Health System (COHS), **awtomatiko kang ie-enroll** sa COHS plan, Single Plan, o Kaiser Permanente.

- **Oktubre 2023**: Kung nasa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ka na na aalis sa county sa katapusan ng 2023, padadalhan ka ng liham ng iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal para sabihin sa iyo ang tungkol sa pagbabago sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal.
- **Nobyembre at Disyembre 2023**: Padadalhan ka ng Medi-Cal ng mga liham na may higit pang mga detalye sa:
  - Pag-enroll sa bagong planong pangkalusugang Medi-Cal
  - Mas marami pang pagpipilian na maaaring mayroon ka
- **Disyembre 2023**: Padadalhan ka ng Medi-Cal ng liham na may impormasyon tungkol sa iyong awtomatikong pag-enroll sa bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal o Medi-Cal Fee-for-Service (FFS) (halimbawa, foster care children o mga kabataang miyembro sa mga Single Plan county).
- **Enero 2024**: Padadalhan ka sa koreo ng iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal ng welcome packet.

## Maaari ba akong manatili sa aking doktor?

**Kung ang doktor mo ay nasa bago mong planong pangkalusugan ng Medi-Cal:**
Maaaring kasama ang doktor mo sa mga bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county. Para magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga pagpipilian mo ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal, at mga doktor na nakikipagtulungan sa mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal, pumunta sa: **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

**Kung ang doktor mo ay wala sa bago mong planong pangkalusugan ng Medi-Cal:**

- Kung nagpunta ka sa doktor ng Medi-Cal sa nakalipas na **12 buwan** na wala sa bago mong planong pangkalusugan ng Medi-Cal, maaari mong panatilihin ang iyong doktor kung hihilingin mo sa iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal para sa pagpapatuloy ng pangangalaga (continuity of care).
- Ang ibig sabihin ng pagpapatuloy ng pangangalaga ay maaaring mapanatili mo ang iyong tagapaglaan ng Medi-Cal hanggang 12 buwan pagkatapos kang sumali sa bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Kasama dito ang iyong pangunahing nangangalagang doktor (primary care doctor) (PCP), mga espesyalista, mga physical at occupational therapist, at higit pa.
- Maaaring pumayag ang iyong doktor na magtrabaho sa iyong bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Maaari itong tumagal ng hanggang 12 na buwan, o sa ilang mga kaso, mas matagal.
- Ang pagpapatuloy ng pangangalaga ay mahalaga para sa iyong kalusugan at kabutihan ng kalagayan. (Paunawa ng Karagdagang Impormasyon)
- Kung nais mo ang pagpapatuloy ng pangangalaga, tawagan ang mga serbisyo ng miyembro ng iyong bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal kapag sumali ka sa bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.
- Para magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga pagpipilian mo ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal, at mga doktor na nakikipagtulungan sa mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal, pumunta sa: **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

**Kung kailangan mo ng bagong doktor:**
Kapag hindi pumayag ang iyong doktor na makipagtulungan sa iyong bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal, ang bago mong planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay tutulong sa iyong humanap ng bagong doktor.

### Kung magbabago ang aking planong pangkalusugan ng Medi-Cal, maaari pa rin ba akong manatili sa Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management) (ECM) at Community Supports sa pagitan ng Oktubre 2023 at Disyembre 31, 2023?

Oo. Ang mga miyembrong nasa planong pangkalusugan ng Medi-Cal ngayon ay maaari pa ring naka-enroll sa ECM at Community Supports sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal na iyon hanggang Disyembre 31, 2023.

### Kung bago ako sa Medi-Cal, maaari pa rin ba akong ma-enroll sa Enhanced Care Management (ECM) at Community Supports sa pagitan ng Oktubre 2023 at Disyembre 31, 2023?

Depende. Tanging mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal lang ang naghahandog ng ECM at Community Supports. Hindi sila available sa Medi-Cal Fee-For-Service (FFS). Kapag sumali ka sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa county ninyo ngayon, ie-enroll ka sa unang araw ng susunod na buwan. Maa-access mo ang ECM at Community Supports makalipas ang petsa ng pag-enroll mo.

Kapag sumali ka sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal na bago sa county mo simula sa Enero 1, 2024, mananatili ka sa Medi-Cal FFS hanggang magsimula ang bago mong planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa Enero 1, 2024. Hindi ka makakakuha ng ECM at Community Supports hanggang makalipas ang petsa ng pagsisimula ng bago mong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

Para matuto pa tungkol sa mga umiiral na planong pangkalusugan ng Medi-Cal at mga bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal na magsisimula sa Enero 1, 2024, basahin ang listahan ng mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal ayon sa county.

### Ano ang magbabago para sa mga foster care na bata at kabataan?

#### Kung nakatira ka sa isa sa mga county na ito:

- Butte
- Colusa
- Glenn
- Mariposa
- Nevada
- Placer
- Plumas
- San Benito
- Sierra
- Sutter
- Tehama
- Yuba

  - Ang county mo ay magbabago papuntang County-Organized Health Systems (COHS) na Modelo.
  - Dapat kang mag-enroll sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county.
  - Makakakuha ka ng mga liham mula sa Medi-Cal sa Nobyembre at Disyembre para sabihin sa iyo ang tungkol sa pagbabagong ito.

- Sa Enero, makakakuha ka ng welcome packet mula sa bago mong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.
- Mahalagang pumili ng primary care provider (PCP). Ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay makakatulong sa iyong pumili ng isa.
- Kung mayroon kang PCP ngayon, dapat mong tawagan ang bago mong planong pangkalusugan ng Medi-Cal para masiguro na nagtatrabaho ang doktor mo sa bago mong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

### Kung nakatira ka sa isa sa mga county na ito:

- Alpine
- El Dorado
    - Ang county mo ay magbabago papuntang Two-Plan na Modelo.
    - Kung nasa Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal ka ngayon, **hindi** ka makakakuha ng liham sa huling bahagi ng 2023. Boluntaryo para sa iyong malagay sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal.
    - Kung ikaw ay boluntaryong miyembro sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ngayon na wala sa county simula sa Enero 1, 2024, makakakuha ka ng liham mula sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal na iyon sa Oktubre. Sasabihin nito sa iyo na hindi na sila ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal simula sa Enero.
    - Makakakuha ka rin ng mga liham mula sa Medi-Cal sa Nobyembre at Disyembre para sabihin sa iyo ang tungkol sa pagbabagong ito.
    - Makakakuha ka ng packet sa boluntaryong pag-enroll mula sa Medi-Cal para pumili ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa county mo kung gusto mong malagay sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal.
    - Kapag hindi ka pumili ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal, mapupunta ka sa FFS Medi-Cal simula sa Enero 1, 2024.

### Kung nakatira ka sa isa sa mga county na ito:

- Alameda
- Contra Costa
- Imperial
    - Ang county mo ay magbabago papuntang Single-Plan na Modelo.
    - Kung nasa Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal ka ngayon, **hindi** ka makakakuha ng liham sa huling bahagi ng 2023. Boluntaryo para sa iyong malagay sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

- Kung ikaw ay boluntaryong miyembro sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ngayon na hindi magiging available sa county sa Enero 1, 2024, makakakuha ka ng liham mula sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal na iyon sa Oktubre. Sasabihin nito sa iyo na hindi na sila ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal simula sa Enero.
- Makakakuha ka rin ng mga liham mula sa Medi-Cal sa Nobyembre at Disyembre para sabihin sa iyo ang tungkol sa pagbabagong ito.
- Para sumali sa bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal, tumawag sa Medi-Cal Health Care Options (HCO) Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 6 ng gabi sa 1-800-576-6890 (TTY: 1-800-430-7077). O pumunta sa **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.
- Kapag hindi ka pumili ng bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal, mananatili ka sa FFS Medi-Cal. Ang mga foster care na bata at kabataang miyembro sa isang Single-Plan County ay hindi kailangang mag-enroll sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal hanggang sa 2025.

### Magbabago ba ang aking Medicare kung mayroon akong parehong Medi-Cal at Medicare (dual eligible)?

Hindi, ang iyong mga benepisyo at tagapaglaan ng Medicare ay **hindi** magbabago kapag nagbago ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

Ang iyong mga tagapaglaan ng Medicare:

- Hindi kailangang nasa iyong network ng planong kalusugan ng Medi-Cal para patuloy kang bigyan ng pag-aalaga; subalit, kailangan silang naka-enroll sa mga tagapaglaan ng Medi-Cal.
- Hindi ka maaaring singilin ng mga co-pay, co-insurance, at mga makakaltas kung mayroon kang Medi-Cal.
- Dapat singilin ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal para sa mga co-pay, co-insurance, at makakaltas kahit na wala sila sa network ng Medi-Cal.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong Medicare, o Medicare Advantage plan, tumawag sa 1-800-MEDICARE, o ang numero na nasa iyong Medicare Advantage plan member card. Matuto pa.

### Magbabago ba ang mga planong pangkalusugang PACE at SCAN kung nagbago ang aking planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Hindi. Hindi magbabago ang mga plan na ito:

Program of All-Inclusive Care for the Elderly (PACE)

Senior Care Action Network (SCAN)

Maaari kang matuto pa sa:

Paano mag-enroll sa isang PACE o SCAN na planong pangkalusugan

## Anong mga proteksiyon ang mayroon doon para sa mga miyembrong American Indian at Alaska Native sa pagbabagong ito?

### Kung mayroon kang Indian na tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan:

Ang mga miyembrong American Indian/Alaska Native (AI/AN) ay makakakuha ng mga serbisyong pangangalaga ng kalusugan mula sa anumang Indian na Tagapagpangalaga (Indian Health Care) na tagapaglaan anumang oras.

Para sa tulong, kontakin ang:

- Planong pangkalusugang Medi-Cal ng mga miyembro, **o**
- Medi-Cal Ombudsman
  - **Telepono:** 1-888-452-8609 (Ang tawag ay libre)
  - **TTY:** 711 para sa California State Relay
  - **Email:** MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov

### Kung mayroon kang Hindi-Indian (Non-Indian) na tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan:

Mga miyembro ng AI/AN na kumukuha ng pag-aalaga mula sa tagapaglaan na hindi isang Indian Health Care Provider (IHCP) ay maaaring mapanatili ang parehong tagapagbigay kung kumuha sila ng pagpapatuloy sa pangangalaga.

Kontakin ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal kung kailangan mo ng tulong sa pagpapatuloy sa pangangalaga.

### Pag-opt-out sa pinamamahalaang pag-aalaga:

- Ang mga miyembro ng AI/AN ay maaaring mag-opt out mula sa pinamamahalaang pag-aalaga sa ilang mga county.
- Para sa mga county kung saan hindi maka-opt out ang miyembro, ang miyembro ay may karapatan pa ring matingnan ng isang IHCP, kahit na wala sila sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal.
- Para matuto pa:
  - Basahin ang Paunawa ng Karagdagang Impormasyon
  - Kontakin ang Health Care Options
    - **Telepono:** 1-800-576-6890
    - **Website: www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**

**Ano ang kailangan kong gawin kung pinadalhan ako sa koreo ng dilaw na sobre na may renewal form ng Medi-Cal bilang karagdagan sa isang liham na tinutukoy na ang aking planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay magbabago?**
Kumpletuhin muna ang iyong Medi-Cal renewal. Kapag hindi mo kinumpleto ang iyong renewal sa pagsapit ng petsang nakatakda sa iyong Medi-Cal renewal form, maaaring mawala mo ang iyong Medi-Cal coverage. Mangyaring sumangguni sa webpage ng "Panatilihin ang Iyong Medi-Cal" para sa impormasyon kung paano kumpletuhin ang iyong Medi-Cal renewal.

Matapos kumpletuhin ang iyong Medi-Cal renewal form, pakirepaso ang liham ng Medi-Cal tungkol sa pagbabago mo sa mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Ayon sa nakalarawan sa FAQ sa itaas (tingnan ang "Paano sasabihin sa akin ng Medi-Cal ang tungkol sa pagbabago sa aking planong pangkalusugang Medi-Cal?"), ang mga miyembro ng Medi-Cal ay maaaring awtomatikong in-enroll sa bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal o may aktibong pagpipilian ng bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal depende sa iyong county ng tinitirhan. Kapag pinanatili mo ang iyong Medi-Cal coverage, ie-enroll ka sa bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal kahit na hindi ka aktibong pumili ng plan sa pagsapit ng petsang nakalista sa iyong *My Medi-Cal Choice* na packet para sa pag-enroll sa Enero 1, 2024.

Ipadadala ng Medi-Cal ang mga liham tungkol sa mga pagbabago sa mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa mga indibiduwal na naka-enroll at nararapat para sa Medi-Cal sa panahon ng pagpapadala sa koreo (sa Nobyembre at Disyembre 2023). Kapag nawala mo ang iyong Medi-Cal coverage at ang iyong coverage ay hindi nabalik bago ang Enero 1, 2024, hindi mo kailangang kumilos sa pagpili ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Mangyaring tukuyin ang "restart ang Iyong Coverage" (Restart Your Coverage) webpage para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga opsyon sa coverage kung makatanggap ka ng notipikasyon mula sa Medi-Cal na natapos na ang coverage mo.

**Saan pa ako matututo tungkol sa mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal?**
Matuto pa tungkol sa Medi-Cal mga opsyon at benepisyo ng pinamamahalaang plano sa pag-aalaga ng kalusugan.

**Saan ako makakakuha ng tulong at higit pang impormasyon?**
Pumunta sa MCP Kontakin Kami na webpage.